

SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Papaano tayo natutulungan ng ating pagtitiwala sa Diyos na palaguin ang ating ugnayan sa Kanya?
- Gaano ka kapanatag na ang Diyos ay Panginoon ng lahat at Siya ang bahala sa lahat? Papaano nakikita ang iyong pagtitiwala sa pagharap mo sa mga kalagayan sa buhay?
- Bakit mahalaga para sa atin na ibigay ang paggalang at pamitagan na karapat-dapat sa Diyos?

NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Anong mga pangako ang pinanghahawakan mo ngayon? Papaano mo mapagtibay ang iyong pagtitiwala at pananampalataya sa Diyos na gagawin Niya ang Kanyang ipinangako?
- Sa aling bahagi ng iyong buhay ka nahihirapan na sundin ang Salita ng Diyos?
- Ano ang isang praktikal at natatanging bagay ang magagawa mo ngayong buong linggo upang ipakita at ipadama ang iyong paggalang at pagmamahal sa Diyos?

PRAYER

- Ipagdasal ang bawat isa sa iyong grupo na magkaroon ng kakayahang manalig at sumunod sa Salita ng Diyos.
- Ipanalangin ang bawat miyembro sa inyong grupo na magkaroon ng kakayahang lumago ang takot sa Diyos.
- Hilingin sa Banal na Espiritu na ipakita sa inyo ang mga pag-iisip at pag-uugali na pumipigil sa inyo na sumunod sa Kanya at magkaroon ng tiwala sa Kanyang mga pangako.



VICTORY
Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathalaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph



Sa Lugar ng Digmaan
Week 2

NOTES

CONNECT

- Ikwento ang panahong sinuway mo ang iyong mga magulang. Ano ang naging utos sa iyo at ano ang nangyari?
- Ano ang isang bagay na kinakatakutan mo?
- Ibahagi ang panahong hindi ka tumupad sa isang pangako. Ano ang ipinangako mo at ano ang nangyari?

WORD

¹³Nang malapit na si Josue sa Jerico, bigla niyang nakita ang isang lalaking nakatayo sa harap niya na may hawak na espada. Tinanong siya ni Josue, “Sundalo ka ba namin o kalaban?”¹⁴Sumagot ang lalaki, “Hindi n’yo ako sundalo o kalaban. Kumander ako ng mga sundalo ng Panginoon.” Nagpatirapa si Josue bilang paggalang sa kanya at nagtanong, “Panginoon, ano po ang gusto n’yong ipagawa sa akin na inyong lingkod?”

Josue 5:13,14

WHAT

What does the Bible say?

Nang pumunta ang komandante ng mga sundalo ng Panginoon kay Josue, nakita niya na ang kabutihang loob ng Diyos ay ibibigay kanya sa digmaan. Dahil dito naging malakas ang loob ni Josue na mananal sila sa laban. Kapag nanghimasok ang Diyos sa ating kalagayan, ipaglalaman Niya tayo sa digmaan upang manalo tayo sa ating pakikidigma sa buhay. Ano ang dapat nating maging katugunan sa Diyos at sa ginagawa Niya o gagawin Niya sa ating buhay?

- **Magkaroon ng takot sa Diyos.**

¹⁴. . . Nagpatirapa si Josue bilang paggalang sa kanya at nagtanong, “Panginoon, ano po ang gusto n’yong ipagawa sa akin na inyong lingkod?”¹⁵Sumagot ang kumander ng mga sundalo ng Panginoon, “Hubarin mo ang sandalyas mo, dahil banal na lugar ang tinatayuan mo.” At sinunod ni Josue ang iniutos sa kanya.

Josue 5:14,15

Ang pagkakaroon ng takot sa Panginoon ay ang pagkakaroon ng malalim na pagpugay o paggalang sa Diyos. Ang paggalang na ito ay sinasamahan ng pagkilos. Ibig sabihin ay binibigyang diin natin ang Kanyang mga utos at kung sino Siya. Dahil Siya ay Panginoon, nararapat ang Diyos sa ating pagbigay pansin at tiwala. Magbahagi ka ng halimbawa ng isang tao na mahal mo at iginagalang ng husto. Paano ka nakikitungo sa kanya?

- **Sundin ang Kanyang sinasabi.**

⁶Kaya tinawag ni Josue ang mga pari at sinabi sa mga ito, “Dalhin n’yo ang Kahon ng Kasunduan. Mauuna ang pito sa inyo na may dalang trumpeta ang bawat isa.”⁷At sinabi rin niya sa mga tao, “Lumakad na kayo! Paikutan n’yo ang lungsod. Ang ibang mga sundalo ay mauuna sa pitong pari na may dalang trumpeta.”

Josue 6:6,7

Sa digmaan, sinusunod at pinagkakatiwalaan ng mga sundalo ang mga mahuhusay na kaparaanan ng kanilang mga heneral. Bakit? Dahil nakikita nila ang pangkalahatang pangyayari. Ganito rin ang maaring sabihin sa atin. Sa pagharap natin sa mga pagsubok at laban sa buhay, mainam sa atin ang magtiwala sa Diyos at sumunod sa Kanyang mga utos. Ang karunungan ng Diyos ay higit pa sa ating kayang saklawin lamang sa buhay. At ang maganda pa rito, pinagpapahalagahan Niya ang ating kapakanan. Anong nangyari nang pinili mong sumunod sa Diyos sa isang kalagayan mo na iyong kinaharap?

- **Manampalataya sa Kanyang mga pangako.**

Dahil sa panampalataya, gumuho ang mga pader ng Jerico matapos itong ikutan ng mga Israelita sa loob ng pitong araw.

Hebreo 11:30

Nasilayan ni Josue at ng kanyang mga sundalo kung papaano sila binigyang katagumpayan ng Diyos sa pagsunod nila sa Kanyang kaparaanan. Hindi man nila naintindihan ng lubos ang bilin ng Diyos ngunit sumunod pa rin sila. Tulad nito, makakaasa tayo sa mga pangako ng Diyos at sa Kanyang mga kaparaanan sa pagtingin natin sa kung sino Siya: Ang Diyos ay matapat, mapagkakatiwalaan, at may isang salita. Ikwento ang panahong nasubukan ang iyong paniniwala sa mga pangako ng Diyos. Papaano ka Niya binigyan ng tagumpay at paano ka tumugon habang naghihintay?
